# *Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 1*
# *Gawain at Paglilingkod*

***"Sapagka't si David, nang maipaglingkod na niya sa kaniyang sariling lahi ang pasiya ng Dios, ay natulog, at isinama sa kaniyang mga magulang, at nakakita ng kabulukan." (Mga Gawa 13:36 KJV)***

Mula sa buhay ni David marami tayong matutunang mga bagay na kapaki-pakinabang sa ating buhay bilang mga lingkod ng Dios. Si Haring David ay naglingkod sa layunin ng Dios sa kanyang sariling henerasyon sa pamamagitan sa pagsunod sa mga tuntunin at daan ng Dios. Gaya ng David, maglingkod tayo sa layunin ng Dios sa ating sariling kaarawan sa pamamagitan sa pagsunod sa Panginoon at paggawa sa mga landas ng Dios sa gayo'y mabuhay tayong magpakailanman kapiling ang Dios, at ang ating paglilingkod ay maging katulad ni David – ang taong ayon sa sariling puso ng Dios. Si David sa panahong namuhay siya sa mundo at kasama ng mga taong niya, naglingkod siya sa layunin ng Dios. Ito dapat ang magpahikayat sa atin na gawin ang katulad. Ang Dios ay may tiyak na layunin para kay David, at si David ay nakipagkatulungan sa Dios upang kamitin ang planong iyon. Sa gayong paraan tinawag tayo na gawin at makipagtulungan sa Dios upang makamit ang anumang layunin na inilaan ng Dios para sa atin at para ating sariling salinlahi. Naglingkod si David sa sinumang taong nakapaligid sa kanya, at pansamantala sa kanya. Naglingkod siya sa kanila ayon sa kalooban ng Dios. Hindi siya nahikayat sa kalooban ng sinumang tao at hindi siya sumunod sa anumang plano ng mga tao, kundi siya ay namuhay kasama ng mga tao at naglingkod sa kanila alinsunod sa kalooban ng Dios. Sa gayon ding paraan tayo ay tinawag na maglingkod at makipagtulungan sa Dios upang paglingkuran ang mga tao sa paligid natin; upang gawin ang mga bagay na naaayon sa kalooban ng Dios, at hindi ayon sa kalooban, plano o hangarin ng mga tao.

Naglingkod si Haring David sa layunin ng Dios sa gayon kung pag aaralan natin ang kanyang buhay malalaman din natin kung paanong tuparin ang layunin ng Dios sa ating buhay. Ang halimbawa ni David ay magtataguyod sa atin na gawin ang tama at matuwid; kung tayo ay mapakilos kahit sa ilang simpleng punto sa kanyang buhay, kalaunan ay malaki ang maitutulong nito sa atin at sa ating paglilingkod sa Dios.

Sa kabuuan, ang Dios ay may plano at layunin sa iyong buhay; Nilikha ka Niya upang makamit ang Kanyang layunin. ***"13 Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban." (Filipoa 2:13 KJV)*** Maaaring magkakatulad ang mga araw ngunit ang bawat araw ay pinagsama-sama sa tiyak na mga bagay na inihanda ng Dios at ipinahintulot para sa iyo na pagdaanan. Maaaring nahaharap ka sa iba't ibang mga karanasan at dumadaan sa mga hindi kanais nais na kalagayan, ngunit huwag mamamangha o magulohan. Minsan ay hinahayaan ng Dios na dumating ang ilang mga pangyayari sa iyong buhay upang ang Kanyang plano at layunin para sa iyo ay sa wakas ay maipakita at makamit.

Sa iyong paglalakbay kasama ang Dios maaari kang makatagpo ng ilang tukso, o maaari kang mahulog sa kasalanan na mag aalis sa iyo mula sa paglilingkod sa layunin ng Dios. Ngunit tulad ni David kailangan mong magsisi, bumalik sa Panginoon, gawin ang Kanyang kalooban at manumbalik.

Ang Dios na lumikha sa iyo ay ang Isa na tumatawag sa inyo ngayon para sa Kanyang layunin at para sa Kanyang kaluwalhatian. Sa ngayon ay may layunin ang Dios sa paglalagay sa iyo saan ka man naroroon – ang bansang kinaroroonan mo, ang lungsod na iyong tinitirhan, ang pamilyang kinabibilangan mo, ang trabahong iyong ginagawa, ang simbahan na bahagi ka. Ang lahat ng mga tao na nasa paligid mo, na iyong nakakasalamuha paminsan minsan ay ang lahat ng layunin ng Dios na makasama mo upang maisakatuparan ang Kanyang pangwakas na layunin sa iyong buhay.

Dalangin ko na ang mensaheng ito sa iyong kamay ay makatulong sa iyo na makita ang iyong ministeryo sa mas mabuting paraan at sa pananaw ng Dios; upang hikayatin ka at mag udyok sa iyo na magpatuloy at kumilos, at lubos na makibahagi sa pakikipagtulungan sa Dios. Sa paggawa nito, ang iyong buhay habang narito pa sa lupa ay magiging mabunga at makabuluhan.

***"28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan." (Epeso 4:28 KJV)*** Matapat na nagtrabaho si David sa kanyang sekular na trabaho. Si David, bago siya tinawag ng Dios bilang hari at pastol para sa Israel, siya ay nagtatrabaho bilang pastol na nag aalaga ng mga tupa ng kanyang ama. Nagtrabaho ba siya nang tapat? Oo, at makatitiyak tayo roon sa pagbabasa ng kanyang kuwento sa ***1 Samuel Kabanata 16 at 17***.

Isang araw isinugo ng Dios si Samuel sa Betlehem para pahiran si David bilang hari. Inanyayahan ni Samuel si Jesse at ang kanyang mga anak para sa paghahandog. Hindi iniwan ni David ang kanyang responsibilidad sa trabaho na pumunta at kumain; naghintay siya habang inaalagaan ang mga tupa, hanggang sa tawagin siya ni Samuel: ***"11 At sinabi ni Samuel kay Isai, Narito ba ang iyong lahat na anak? At kaniyang sinabi, Natitira pa ang bunso, at, narito, siya'y nag-aalaga sa mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Isai, Ipasundo mo siya; sapagka't hindi tayo uupo hanggang sa siya'y dumating dito." (1 Samuel 16:11)***

Batid ni Haring Saul na si David ay isang pastol at mahusay niyang ginagawa ang kanyang trabaho, dahil binanggit niya nang magsugo siya para sa kanya, ***"19 Kaya't nagsugo si Saul ng mga sugo kay Isai, at sinabi, Suguin mo sa akin si David na iyong anak, na nasa kawan ng mga tupa." (1 Samuel 16:19 KJV)*** Dito si David ay ipinatawag para sa paglilingkod sa palasyo ng hari. ***"20 At kumuha si Isai ng isang asno na may pasang tinapay, at isang balat ng alak, at isang anak ng kambing, at ipinadala kay Saul sa pamamagitan ni David na kaniyang anak. 21 At dumating si David kay Saul at tumayo sa harap niya: at minahal niya siyang mainam; at siya'y naging tagadala ng sandata niya." (1 Samuel 16:20-221 KJV)*** Bahagi ng panahon ni David ang hari at ang iba pang panahon ay kasama pa rin ang kanyang sekular na trabaho. Hindi iniwan ni David ang kanyang trabaho sa pag-aalaga ng mga tupa ng kanyang ama. Sa halip, patuloy siyang gumawa bukod pa sa paglilingkod na ginagawa niya para kay Haring Saul na bahagi ng kanyang paglilingkod sa Dios.

***"15 Nguni't si David ay nagpaparoo't parito mula kay Saul upang pasabsabin ang mga tupa ng kaniyang ama sa Bethlehem." (1 Samuel 17:15 KJV)***

Ang isa pang katibayan na hindi iniwan ni David ang kanyang sekular na trabaho nang tawagin siya ng Dios ay nang isinugo siya ng kanyang ama para tingnan ang kanyang tatlong kapatid na lalaki na nasa larangan ng digmaan; Ginagawa pa rin niya nang maayos ang kanyang trabaho, inaalagaan ang mga tupa. ***"17 At sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak, Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin mong madali sa kampamento, sa iyong mga kapatid; 18 At dalhin mo ang sangpung kesong ito sa kapitan ng kanilang libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid, at kumuha ka ng pinakakatunayan. 19Si Saul nga, at sila at ang lahat ng mga lalake ng Israel ay nasa libis ng Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo. 20 <u>At si David ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon, na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai</u>; at siya'y naparoon sa kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka." (1 Samuel 17:17-20 KJV)*** Ipinakita dito ni David ang kanyang malasakit sa skular na trabaho na mayroon siya nang tinawag siya sa paglilingkod sa Dios. Naglagay si David ng isa pang pastol sa kanyang lugar para alagaan ang mga tupa, na hindi iniiwan ang kanyang trabaho tulad ng ginagawa ng maraming manggagawa nang walang paghuhusga.

Ang iyong sekular na trabaho ay responsibilidad mo sa harap ng Dios. Kahit na tawagin ka ng Dios para sa paglilingkod sa Dios, kailangan mo pa ring gampanan nang mabuti ang iyong sekular na tungkulin, dahil iyon ang inaasahan ng Dios sa iyo. Kailangan mong gawin nang mabuti ang iyong sekular na trabaho upang maiwasan ang pamumuna ng mga tao, lalo na ang mga taong nagsisikap na hanapin ang pagkakamali sa iyo, tulad ng nangyari kay David nang akusahan siya ng kanyang kapatid na kapabayaan. ***"28 At narinig ni Eliab na kaniyang pinakamatandang kapatid, nang siya'y magsalita sa mga lalake; at ang galit ni Eliab ay nagalab laban kay David, at kaniyang sinabi, Bakit ka lumusong dito? <u>at kanino mo iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang</u>? Talastas ko ang iyong kahambugan, at ang kalikutan ng iyong puso; sapagka't ikaw ay lumusong upang iyong makita ang pagbabaka." (1 Samuel 17:28 KJV)*** Magaling si David sa kanyang sekular na trabaho at nakamit niya nang maayos. Tapat siya sa gawaing ipinagkatiwala sa kanya sa pagprotekta sa mga tupa. Siya ay bihasa, may kakayahan, at laging nagtitiwala sa Dios habang ginagampanan ang tungkulin bilang pastol ng kawan ng kanyang ama. Pagkatapos niyon, inialay ni David ang kanyang sarili para labanan si Goliat ***"33 At sinabi ni Saul kay David: Hindi ka makaparoroon laban sa Filisteong ito upang makipaglaban sa kaniya: sapagka't ikaw ay isang bata, at siya'y isang lalaking mangdidigma mula sa kaniyang pagkabata. 34 At sinabi ni David kay Saul, <u>Ang iyong lingkod ay nagaalaga ng mga tupa ng kaniyang ama; at pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at kinukuha ang isang kordero sa kawan. 35 Ay lumalabas akong hinahabol ko siya, at aking sinasaktan, at aking inililigtas sa kaniyang bibig: at pagka dinadaluhong ako ay aking pinapangahan, at aking sinasaktan, at aking pinapatay. 36 Pinapatay ng iyong lingkod ang leon at gayon din ang oso</u>: at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila, yamang kaniyang hinahamon ang mga hukbo ng Dios na buhay.37 At sinabi ni David, Ang Panginoon na nagligtas sa akin sa mga pangamot ng leon, at sa pangamot ng oso, ay siyang magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At sinabi ni Saul kay David, Yumaon ka, at ang Panginoon ay sasa iyo." (1 Samuel 17:33-37 KJV)***

Tulad ni David, sa sinumang tapat at masigasig sa paggawa ng sekular na trabaho na ipinagkatiwala sa kanya ng Dios, tiyak na tatawagin din siya ng Dios upang maglingkod sa Kanyang Kaharian. Ang sumusunod na mga Banal na Kasulatan ay tutulong sa atin na malinaw na mapagtanto ang kahalagahan ng sekular na trabahong ipinagkatiwala sa bawat manggagawa;

***A. "19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi." (Genesis 3:19 KJV)*** Itinuro sa atin dito na kailangan nating magtrabaho at magtrabaho para sa ating pang araw araw na pangangailangan sa pagkain.

***B. "5 Mga alipin, magsitalima kayo sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon, na may takot at panginginig, sa katapatan ng inyong puso, na gaya ng kay Cristo; 6 Hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios; 7 Maglingkod na may mabuting kalooban, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao: 8 Yamang napagaalaman na anomang mabuting bagay na gawin ng bawa't isa, ay gayon din ang muling tatanggapin niya sa Panginoon, maging alipin o laya." (Epeso 6:5-8 KJV)*** Sa talata 5 iminungkahi ni Apostol Pablo sa mga alipin na sundin ang kanilang mga panginoon nang may takot at panginginig na tila sila ay sumusunod kay Cristo. Sa talata 6 ay itinuturo na maglingkod nang maayos hindi lamang kapag ang kanilang mga panginoon ay nakatingin sa kanila para lamang mapasaya ang mga tao, kundi upang gawin ang gawain nang masigasig bilang mga lingkod ni Cristo, at sa paglilingkod ay ginagawa mo ang kalooban ng Dios, kung gayon kailangan mong gawin ito at maglingkod nang buong puso dahil ayon sa talata 7 ikaw ay naglilingkod sa Panginoon at hindi sa mga tao. Alam ayon sa talata 8 na anumang mabuting gawin mo ay tatanggapin mo rin ito mula sa Panginoon, alipin ka man o hindi. Kaya dito lahat tayo ay nasa ilalim ni Cristo at tayo ay Kanyang mga lingkod kaya kahit anong gawin natin ay ginagawa natin ang gawain para kay Cristo, samakatuwid kailangan nating gawin iyon nang maayos upang gantimpalaan Niya tayo.

***C. "22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon: 23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo. 25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:22-25 KJV)*** Itinuro ni Apostol Pablo sa talata 22 na kailangang sundin ng mga alipin ang kanilang mga panginoon, at kailangan nilang paglingkuran sila nang mabuti, hindi lamang kapag nakatuon ang kanilang paningin sa kanila, tulad ng ilan sa kanila; sa harap ng kanilang amo sila'y nagtatrabaho nang maayos para tanggapin ang kanyang pabor, ngunit sa kanyang pagkawala wala silang pakialam tungko; sa dami at kalidad ng trabaho, ang mga ganyang tao o manggagawa ay mga taong mapanglugod hindi sila natatakot sa Dios. Ang pagkatakot sa Dios ay ang maglingkod nang maayos dahil alam mo na pinagmamasdan ka ng Dios. Samakatuwid ayon sa talata 23 kung gayon ay anumang gawin mo ay gawin ito sa Panginoon, nangangahulugan ito na kailangan mong gawin ang iyong makakaya, dahil ayon sa talata 24 sa gayong uri ng mabuting paglilingkod ikaw ay naglilingkod kay Cristo at makakatanggap ka ng isang mana sa Langit mula sa Panginoon. Ngunit kung ikaw ay gumawa ng mali at walang mabuting paglilingkod, ayon sa talata 25 ay tatanggapin mo para sa mali na iyong ginagawa, kung sino ka man dahil sa Panginoon ay walang paboritismo.

***D. "9 Iaral mo sa mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin; 10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas." (Tito 2:9-10 KJV)*** Itinuturo sa atin dito na huwag magnakaw mula sa lugar ng ating pinagtatrabahuhan. Kahit na ang iyong sahod ay naantala hindi ka maaring magnakaw ng mga bagay mula sa lugar na pinagtatrabahuhan mo. Bukod doon, huwag kumuha ng mga bagay nang walang pahintulot ng mga nakatataas sa iyo.

***"6 Aming inuutos nga sa inyo, mga kapatid, sa pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y magsihiwalay sa bawa't kapatid na lumalakad ng walang kaayusan, at hindi ayon sa aral na tinanggap nila sa amin. 7 Sapagka't kayo rin ang nangakakaalam kung paano kami ay inyong dapat tularan: sapagka't kami ay hindi nangagugali ng walang kaayusan sa inyo; 8Ni nagsikain man kami ng walang bayad ng tinapay ng sinoman; kundi sa pagpapagal at sa pagdaramdam na gumagawa gabi't araw, upang kami ay huwag maging pasanin sa kanino man sa inyo: 9 Hindi dahil sa kami ay walang karapatan, kundi upang kami ay mangakapagbigay sa inyo ng isang uliran, upang kami ay inyong tularan. 10 Sapagka't noon pa mang kami ay kasama ninyo, ay aming iniutos ito sa inyo, Kung ang sinoman ay ayaw gumawa, ay huwag din namang kumain. 11 Sapagka't aming nababalitaan ang ilan sa inyo na nagsisilakad ng walang kaayusan, na hindi man lamang nagsisigawa, kundi mga mapakialam sa mga bagay ng iba. 12 Sa mga gayon nga ay aming iniuutos at ipinamamanhik sa Panginoong Jesucristo, na sila'y magsigawang may katahimikan, at magsikain ng kanilang sariling tinapay. 13 Nguni't kayo, mga kapatid, huwag kayong mangapagod sa paggawa ng mabuti. 14 At kung ang sinoma'y hindi tumalima sa aming salita sa pamamagitan ng sulat na ito, inyong tandaan ang taong yaon, upang huwag kayong makisama sa kaniya, nang siya'y mahiya. 15 At gayon ma'y huwag ninyong ariin siyang kaaway, kundi inyo siyang paalalahanan tulad sa kapatid." (2 Tesalonoca 3:6-15 KJV)*** Dito inutusan tayo na magtrabaho upang makakain tayo at

magpakita ng mabuting halimbawa sa iba na tularan din ito. Gayundin tayo ay inutusang payuhan at babalaan ang mga taong hindi nagtatrabaho upang kumita ng kanilang kabuhayan at huwag samantalahin tayo o ang iba.

May mga taong pumapasok sila sa paglilingkod sa Diyos bilang dahilan para hindi sila gumawa ng anumang sekular na trabaho. Ito ay katamaran at hindi sinasang ayunan ng Dios ang mga ganyan. Basahin natin ang iba pang mga talata at pagnilayan ang katotohanan ng Kasulatan tungkol sa katamaran, ang masamang epekto nito at ang masasamang gawain ng mga tamad:

***A. "30 Ako'y nagdaan sa tabi ng bukid ng tamad, at sa tabi ng ubasan ng taong salat sa unawa; 31 At, narito, tinubuang lahat ng mga tinik, ang ibabaw niyaon ay natakpan ng mga dawag, at ang bakod na bato ay nabagsak. 32 Ako nga'y tumingin, at aking binulay na mabuti: aking nakita, at tumanggap ako ng turo. 33 Kaunti pang tulog, kaunti pang idlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog: 34 Gayon darating ang iyong karalitaan na parang magnanakaw; at ang iyong kasalatan na parang nasasandatahang tao." (Kawikaan 24:30-34 KJV)*** Dito matutunan natin sa kawikaan ito na binigyan tayo ng Dios ng mga magagandang bagay at magagandang yaman, kaya kung hindi natin gagamitin ito nang matalino at masigasig at mag aaksaya ng oras sa pagtulog, hindi pagtatrabaho at patuloy na pagpapaliban, kung gayon ay walang bunga, sa halip ay mga tinik at dawag at mga bagsak na pader na nagpapahiwatig ng pagkalugi at pinsala dahil sa katamaran.

***B. "6 Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka; 7 Na bagaman walang pangulo, tagapamahala, o pinuno, 8 Naghahanda ng kaniyang pagkain sa taginit, at pinipisan ang kaniyang pagkain sa pagaani." (Kawikaan 6:6-8 KJV)*** Dito tayo'y tinawag na makinig sa mabuting halimbawa ng langgam na namulot at nag ipon ng mga bagay at iimbak ang mga ito upang magamit natin ito sa tamang panahon upang matugunan ang ating mga pangangailangan.

***C. "4 Kung saan walang baka, ang bangan ay malinis: nguni't ang karamihan ng bunga ay nasa kalakasan ng baka." (Kawikaan 14:4 KJV)*** Dito itinuro sa atin na tanging kasipagan lamang ang makapagdudulot sa atin ng maraming yaman at ng mga pagpapala ng Dios.

***D. "4 Ang tamad ay nagnanasa, at walang anoman: nguni't ang kaluluwa ng masipag ay tataba." (Kawikaan 14:4 KJV)*** Dito itinuro sa atin na ang masigasig na gawain lamang ang makapagbibigay kasiyahan sa ating mga pangangailangan.

***E. "24 Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pinggan, at hindi na magsusubo pa sa kaniyang bibig uli." (Kawikaan 19:24 KJV)*** Ang mga taong tamad ay hindi handang tumulong sa kanilang sarili kahit na matugunan ang kanilang mga mahahalagang pangangailangan.

***F. "13 Sinasabi ng tamad, may leon sa labas: mapapatay ako sa mga lansangan." (Kawikaan 22:13 KJV)*** Ang mga tamad ay may magagandang kwento, dahilan at katwiran para makatakas sa pagsisikap.

***G. "13 Sinabi ng tamad, may leon sa daan; isang leon ay nasa mga lansangan. 14 Kung paano ang pintuan ay pumipihit sa kaniyang bisagra, gayon ang tamad sa kaniyang higaan. 15 Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pinggan; napapagod siyang dalhin uli sa kaniyang bibig. 16 Ang tamad ay lalong pantas sa ganang kaniyang sarili kay sa pitong tao na makapagbibigay katuwiran." (Kawikaan 26:13-16 KJV)***

***H. "26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang. 28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talent. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 35:26-30 KJV)*** Dito ay itinuro sa atin sa talinghaga na ang mga tamad ay hahatulan dahil sa kanilang kasalanan ng katamaran, na kukunin ng Dios sa kanila ang ibinigay niya sa kanila at magtatapos sa impiyerno. Kaya nga pinapayuhan natin ang gayong mga tao na magsisi.

Kapag tinawag ng Diyos ng isang tao para sa paglilingkod magkakaroon ng paglipat mula sa sekular na trabaho patungo sa paglilingkod sa Dios o paglilingkod sa Dios at sekular na trabaho nang magkasama. Kalaunan kapag ang manggagawa ay inaprubahan ng Dios, ang Panginoon Mismo ang gagawa ng paraan na ang partikular na manggagawa na iyon ay nasa buong oras na paglilingkod. Kapag nangyari iyon malinaw din nating makikita ang paglalaan ng Panginoon para sa partikular na manggagawang iyon.

Si Apostol Pablo ay naging halimbawa rin sa atin na nanatili sa sekular na trabaho habang naglilingkod sa Panginoon:

***A. "1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto. 2 At nasumpungan niya ang isang Judio na nagngangalang Aquila, isang lalaking tubo sa Ponto, na hindi pa nalalaong nanggagaling sa Italia, kasama ni Priscila na kaniyang asawa, sapagka't ipinagutos ni Claudio na ang lahat ng mga Judio ay magsialis sa Roma: at siya'y lumapit sa kanila; 3 At sapagka't ang hanap-buhay niya'y gaya rin ng kanila, ay nakipanuluyan siya sa kanila, at sila'y nagsigawa: sapagka't ang hanap-buhay nila'y gumawa ng mga tolda. 4 At siya'y nangangatuwiran tuwing sabbath sa sinagoga, at hinihikayat ang mga Judio at ang mga Griego." (Mga Gawa 18:1-4 KJV)*** Si Pablo sa tiyak na mga panahon ng kanyang buhay ay nagtrabaho at naglingkod sa Panginoon.

***B. "34 Nalalaman din ninyo na ang mga kamay na ito ay nangaglilingkod sa mga kinakailangan ko, at sa aking mga kasamahan." (Mga Gawa 20:34 KJV)*** Si Pablo ay nagtatrabaho at ginagamit ang kanyang trabaho upang suportahan ang ministeryo na ginagawa niya. Mahalaga ang iyong trabaho upang suportahan ka at suportahan ang iyong ministeryo pati na rin upang itatag ka ng isang kapital na magtataguyod sa iyo sa iyong katandaan.

Maram ang tinawag ng Dios, sila'y maagang nagbitaw sa kanilang secular na trabaho at sa kanilang kita nang walang pahintulot ng Dios para sa Kanyang probisyom upang alalayan sila at ang ministeryo. Ang gayong mga manggagawa ng Dios sa kanilang maling pagpapasya ay magdurusa ang kanilang pamilya at ang mga nakadepende sa kanila.

Ang iyong trabaho ay bahagi ng iyong ministeryo. Dapat kang maging tapat at pahalagahan ang iyong trabaho tulad ng pagibig mo sa Dios at paglilingkod sa Kanyang layunin. Ang Dios ang naglagay sa iyo ng trabaho kung nasaan ka. Kailangan mong magtrabaho nang tapat sa iyong trabaho. Kapag nais ng Dios na ikaw ay nasa buong panahon para sa paglilingkod sa Dios, tiyak na aalisin ka Niya mula roon sa pamamagitan ng Kanyang sariling paraan. At kung saan ipapatnubay ng Dios, Maglalaan din Siya. Mabuti na hangarin na maging buong panahon sa paglilingkod sa Dios, ngunit dapat kang maghintay Mismo sa Dios na gawin ito at sa Kanyang panahon.

Si David, matapos ang kanyang tagumpay laban kay Goliat, ay tuluyang inalis sa pag aalaga sa mga tupa at inilagay sa buong panahong paglilingkod sa Dios. Nabasa natin iyan sa ***1 Samuel 18:2-5, "2 At kinuha siya ni Saul nang araw na yaon, at hindi na siya tinulutang umuwi sa bahay ng kaniyang ama. 3Nang magkagayo'y si Jonathan at si David ay nagtibay ng isang tipan, sapagka't minahal niya siya na gaya ng kaniyang sariling kaluluwa. 4 At hinubad ni Jonathan ang kaniyang balabal na nakasuot sa kaniya, at ibinigay kay David, at ang kaniyang kasuutan pati ng kaniyang tabak, at ng kaniyang busog at ng kaniyang pamigkis. 5 At lumalabas si David saan man suguin ni Saul, at siya'y nagpakabait: at inilagay ni Saul siya sa mga lalaking mangdidigma, at minabuti ng paningin ng buong bayan, at gayon din ng paningin ng mga lingkod ni Saul."***

Si David ay hindi nagbitiw o napaaga ang paghinto sa trabaho niya ngunit naaayon siya sa patnubay at direksyon ng Dios. Naglingkod siya sa layunin ng Dios habang patuloy siyang naging tapat sa kanyang trabaho. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi ***"2 Gayon din ang kaluluwa na walang kaalaman ay hindi mabuti; at siyang nagmamadali ng kaniyang mga paa ay nagkakasala." (Kawikaan 19:2 KJV)*** Kaya makinig, manalangin, at ipamuhay ang mensahe sa iyong buhay upang paras sa iyo ay maging epektibo at maglingkod sa layunin ng Dios.

***Sa aking Mahal at Minahamal:*** Paglingkuran natin ang layunin ng Dios bilang mga lingkod ng Dios sa pamamagitan ng pamumuhay nang buong pagsunod sa Dios at karapat dapat sa Kanyang tawag. Paglingkuran natin ang layunin ng Dios bilang mga lingkod ng Dios sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba, pagtulong sa kanila na magsimulang mamuhay ayon sa kalooban at layunin ng Dios, at sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng ating mismong halimbawa sa buhay. Huwag nating gawin ang ating sariling kalooban, kundi gawin natin ang buong kalooban ng Dios.

Maging masigasig tayo at magtrabaho at gawin ang ating mga sekular na trabaho at sa ating mga ministeryo. Maging tapat tayo sa Dios sa pagiging mabuting katiwala sa pag iingat ng ating mga trabaho at kita at pagiging tapat sa mga lugar ng trabaho na inilagay tayo ng Dios. Maging may kamalayan tayo at lumayo sa kasalanan ng katamaran at sa masamang epekto nito at payuhan natin ang mga tamad at huwag hayaang samantalahin tayo, at itulak sila na umalis at kumita ng kanilang kabuhayan.

Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios sa Langit, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, Salamat sa malinaw mong salita sa akin, at salamat sa sekular kong trabaho na ibinigay mo sa akin upang matustusan ang aking mga pangangailangan at suportahan ang aking ministeryo. Panginoon, salamat sa lahat ng mga pagsaway at mga payo na natanggap ko mula sa mga Banal na Kasulatan.*

*Ipagtapat at talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang iyong katamaran at ang iyong pagtakas sa paggawa ng iyong trabaho at mga responsibilidad. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pasensya at pagtitiyaga upang mapanatili ang iyong trabaho. Ipagtapat at talikuran ang paggawa ng iyong sariling kalooban at simulan ang paggawa ng kalooban ng Dios. Ipagtapat ang iyong mga kasinungalingan at lahat ng mga kuwento na ginagawa mo upang samantalahin ang iba. Ipagtapat at talikuran ang pagnanakaw mo sa lugar na pinagtatrabahuhan mo at ang kawalan mo ng pagpapasakop sa amo mo. Ipagtapat ang iyong masamang katiwala at ang iyong masamang halimbawa sa iba. Ipaagtapat at talikuran ang iyong pakikisama sa maraming mga di mananampalataya at kaibigan, at ipagtapat ang iyong pag aaksaya ng oras sa Media, TV, laro at sa balita. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa mga panalangin. Ipagtapat ang iyong kawalang kagustuhang maglingkod sa Dios gaya ng pagtuturo ng Kanyang Salita sa atin at ang iyong walang kagustuhan na magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan.* ________________________________.

*Panginoon ipinagkakaloob ko ang aking sarili sa pagtuturo at sa mga alituntuning natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na maghintay sa iyo at sundin ang lahat ng sinabi mo upang gawin ang iyong kalooban at ang iyong layunin sa aking buhay at sa buhay ng mga tao sa paligid ko at sa ilalim ng aking pangangalaga. Panginoon ipagkaloob mo sa akin ang tagumpay at malinaw na direksyon sa gagawin ko sa paglilingkod sa iyo at sa paggawa ng aking sekular na trabaho. Panginoon narito ako ay bumabalik sa iyo, handang maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban, ibalik ako sa mabuting plano na mayroon ka para sa akin.*

*Panginoon salamat po sa mga Kapatid ko na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at bumalik sa inyo handang gawin ang iyong kalooban at ang magandang plano na mayroon kayo para sa kanila sa kanilang buhay. Panginoon gamitin mo sila upang maging mabuting halimbawa sa kanilang mga lugar ng gawain upang ipangaral ang evangelio ni Jesus sa pamamagitan ng mga salita at sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Panginoon ilaan ang lahat ng kanilang pangangailangan at suportahan ang kanilang kita at bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan na magpatuloy at maglingkod sa iyo at gawin ang ministeryo na ipinagkatiwala mo sa kanila.*

*Panginoon, bilang iyong simbahan, ipinapangako namin ang aming sarili na ipatupad ang aral na ito na aming natanggap mula sa inyo sa buhay ng aming mga miyembro at manggagawa. Panginoon ipinapangako namin sa ating sarili na payuhan ang mga tamad sa amin na yumaon at magtrabaho at kumita ng kanilang kabuhayan at magpakita ng mabuting halimbawa sa iba. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na isusulong ang pag-abot sa mga bagong tao at lugar sa pamamagitan ng evangelio ni Jesucristo. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan natin upang pumunta at mag evangelio, at gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang pumunta at magtanim ng higit pang Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbaha, 'Pagpaparami sa buong kalooban ng Dios,' Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaami nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 1. Gawain at Paglilingkod. Mga Gawa 13:36. Filipos 2:13. Efeso 4:28. 1 Samuel 16:11, 19-21. I Samuel 17:15, 17-20, 28, 33-37. Genesis 3:19. Efeso 6:5-8. Mga Colosas 3:22-25. Tito 2:9-10. 2 Tesalonica 3:6-15. Kawikaan 24:30-34. Kawikaan 6:6-8. Kawikaan 14:4. Kawikaan 13:4. Kawikaan 19:24. Kawikaan 22:13. Kawikaan 26: 13-16. Mateo 25:26-30. Mga Gawa 18:1-4. Mga Gawa 20:34. I Samuel 18:2-5. Kawikaan 19:2.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201 4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com